

Setyembre 21, 2026

Mahalagang paunawa mula sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services) tungkol sa:

MGA TUNGKULIN SA POSISYON NG ESPESYALISTA SA AKSES PARA SA MGA BINGI SA SENTRONG PANGREHIYON

G-2026-Mga Operasyon ng Sentrong Pangrehiyon-002

Ano ang Dapat Malaman

Noong 2021, ang mga sentrong pangrehiyon (regional center o RC) ay binigyan ng pera upang umupa ng isang Espesyalista sa Akses para sa mga Bingi (Deaf Access Specialist). Ang gabay na ito para sa mga sentrong pangrehiyon ay nagpapaliwanag ng mga tungkulin ng posisyon bilang Espesyalista sa Akses para sa mga Bingi (Deaf Access Specialist) gaya ng sumusunod:

- Tulunganang mga RC na mahanap at mapabuti ang mga serbisyo para sa mga taong Bingi, May Kapansanan sa Pandinig, o Bulag/Bingi.
- Sanayin ang mga kawani ng RC sa paggamit ng wika at Kultura ng mga Bingi.
- Makipagtulungan sa Kagawaran, iba pang mga ahensya, at sa komunidad ng mga Bingi upang mapabuti ang mga serbisyo para sa mga tao.
- Tulungan ang mga RC sa mga tuntunin sa aksesibilidad, mga materyales sa komunikasyon, mga pagtatasa, mga pinakamahusay na kagawian, mas mahusay na mga proseso, at pagkuha ng mga kapaki-pakinabang na datos.

Hindi binabago ng impormasyong ito kung paano tumatanggap ng mga serbisyo ang mga indibidwal at ang kanilang mga pamilya.

May mga tanong?

Ang mga tanong mula sa mga sentrong pangrehiyon ay dapat ipadala sa iyang pangunahing tagapag-ugnay ng sentrong pangrehiyon sa cob@dds.ca.gov

Para sa mga katanungan tungkol sa mga tungkulin ng espesyalista sa akses para sa mga bingi, mangyaring makipag-ugnayan kay Lisa Gonzales, Pinuno, Dibisyon ng Inobasyon at Pangangasiwa ng Serbisyo sa lisa.gonzales@dds.ca.gov o (916) 400-9707.

Matuto Pa

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [Newsletter ng Departamento para sa Buwan ng Kamalayan sa mga Bingi at Espesyalista sa mga Serbisyo sa mga Bingi](https://www.dds.ca.gov/newsletter/deaf-awareness-month/) (<https://www.dds.ca.gov/newsletter/deaf-awareness-month/>).